

RAMADAN: ANG MGA HULING SAMPUNG GABI

Marka:

Deskripsyon: Ang kahalagahan ng huling sampung araw sa buwan ng Ramadan at mga suhestyon kung paano madadagdagan at mapaparami ng tao ang pagsamba sa espesyal na mga gabi.

Kategorya: [Mga Aral](#) › [Mga Gawaing Pagsamba](#) › [Pag-aayuno](#)

Ni: Aisha Stacey (© 2013 IslamReligion.com)

Nai-publish sa: 17 Apr 2018

Huling binago sa: 11 Apr 2018

Layunin:

-Ang makapagbigay ng mga kaalaman at pamamaraan upang makuha ang kainaman o gantimpala sa huling sampung araw ng *Ramadan*.

Mga Terminolohiyang Arabik

- Dua* - pagsusumamo, panalangin at paghingi kay Allah ng anuman.
- Itikaf* - Ang gawaing pagtatalaga sa sarili sa mosque na may intensiyong mapalapit kay Allah.
- Laylat al-Qadr* - Ang pinagpalang gabi sa huling sampung araw ng *Ramadan*, ang buwan ng pagaayuno.
- Ramadan* - Ang ika-siyam na buwan sa islamikong kalendaryo. Ito ang buwan na kung saan ang obligadong pag-aayuno ay ipinag-utos.
- Taraweeh* - Ito ay ang mga espesyal na pagdarasal, na isinasagawa kapag *Ramadan* pagkatapos ng pagdarasal ng *Isha* na kung saan ay binibigkas ang ilang mahahabang bahagi ng Quran.

Ang *Ramadan* ay Buwan ng pag-aayuno, pagbabasa ng Quran at mga karagdagang panalangin; itoy buwan ng mabubuting gawa at kagandahang loob. Ang huling sampung gabi ng *Ramadan* ay higit na mabuti at pinakamainam. Si Propeta Muhammad ay ginamit ang ang mga gabing ito upang pagsumikapan ang paggawa niya ng mga pagsamba at paggawa ng kabutihan. Ang unang gabi nito ay pumapasok sa bisperas ng ika 21st na araw ng *Ramadan*, sa madaling salita, ito yung gabi na nagsisimula pagkatapos ng pagkompleto sa 20th na araw ng pag-aayuno.



Si Propeta Muhammad ay nagsumikap na gumawa ng mga gawang pagsamba sa panahon ng huling sampung araw ng *Ramadan* higit pa sa ibang panahon.^[1] Bilang isang Muslim ay pinipilit nating gayahin ang Propeta Muhammad sa maraming paraan na ating makakaya ito ang panahon upang tanungin natin ang ating sarili kung ano ang ating magagawa upang makuha ang higit na biyaya sa mga pinagpalang gabi na parating.

Ang pagdalo sa Taraweeh

Isa sa mga pinakamaganda at pinakamainam na bahagi ng *Ramadan* ay ang pagdalo sa pagdarasal ng *taraweeh*. Ito ay isinasagawa sa buong buwan. Nararamdaman ng isang tao na siya ay kabahagi ng mga pamayanang Muslim at ito ay isang pagkakataon upang tunay na harapin ng lubusan ang pagbabasa at pagbigkas sa Quran at sa mga salita ng Allah. Kung ikaw ay hindi nakakadalo ng *taraweeh* o hindi pa bukas ang iyong puso sa ganitong pagdarasal ang huling sampung gabi ng *Ramadan* ay ang magandang pagkakataon sayo upang madagdagan ang iyong gawang kabutihan. Habang ang mga mosque ay nagsasagawa ng *taraweeh* pagkatapos ng pagdarasal ng *Isha*, makikita mo na may mga mag-aalok sayo ng pagdalo para sa mga buluntaryong pagdarasal ng maramihan sa ibang oras ng gabi. Kung makakaya mo na dumalo sa mga ganitong mga karagdagan pagdarasal na isinasagawa karaniwan pagkatapos ng kalagitnaan ng gabi ngunit bago ang pagdarasal sa buwang liwayway, makikita mo ang napakaraming binipisyo, kabilang ang pagiging malapit sa Allah na nararamdaman lang sa ikahuling bahagi ng gabi. "Ang ating Panginoon ay bumababa bawat gabi sa huling ikatlong bahagi ng gabi, at Kanyang sasabihin: Sino sa Aking mga alipin ang nanalangin sa Akin at Aking diringgin ito? Sino ang may kahilingan upang itoy Aking ibigay sa kanya? sino ang humingi ng Aking kapatawaran at ng maibigay Ko ang Aking kapatawaran?" ^[2]

Ang isang naniniwala sa kaisahan ng Allah ay maari din niyang gamitin ang mga pagitan ng pagdarasal upang mag-alay ng kanyang buong pusong *dua*. Si Propeta Muhammad ay nagsabi, "Sinuman ang mag-alay ng pagdarasal sa gabi sa mga panahon na ito (buwan ng *Ramadan*) na may buong pananampalataya at naghahangad ng gantimpala mula sa Allah, ang kanyang mga nakalipas na kasalanan ay patatawarin." ^[3]

Ang Paghahanap sa *Laylat al-Qadr*

Ang mga gantimpala at mga biyaya na nakapaloob sa gabing ito ay napakarami. Napakaraming katibayan sa *Laylat al-Qadr* sa mga tradisyon ni Propeta Muhammad. Isa sa mga ito ay ang nagsasabi na ang *Laylat al-Qadr* ay nasa isa sa mga sampung huling gabi ng *Ramadan* ang iba ay nagsasabi na nasaisa ito sa mga odd na numero na bilang ng gabi sa huling sampung gabi. Ang mga Muslim ay sinabihan ng Banal Quran na ang pagdarasal sa mga bahagi ng gabing ito ay mas mainam pa sa libong buwan ng pagdarasal. Sa paliwanag palang na ito ay nararapat lang sa isang tao na hanapin ang mabiyayang, banal na gabi sa pagsasagawa ng seryosong pagsamba sa mga huling gabi na ito.

Sinabi ng Allah sa banal na Quran," **"Katotohanan! Amin itong ibinaba (Quran) sa gabi ng kapasyahan. At anu ba ang makapagpapaliwanag sa inyo kung ano ang gabi ng kapasyahan? ang gabi ay higit pa sa libong mga buwan. Dito ay bumababa ang mga anghel at ang Ispiritu (Gabriel) sa kapahintulutan ng Allah at lahat ng mga bagay na napagpasyahan na. May kapayapaan hanggang sumapit ang bukang- liwayway."** (Quran 97:1-5)

Pagsasagawa ng *Itikaf*

Si Aisha, ang pinakamamahal na asawa ni Propeta Muhammad ay nag ulat na siya (Propeta Muhammad) ay laging nagsasagawa ng *Itikaf* sa mga huling gabi ng *Ramadan* at nagsabi, "Hanapin niyo ang *Laylat al-Qadr* sa huling sampung gabi ng buwan ng *Ramadan*." Ang *Itikaf* ay isang uri ng pag-iisa (retreat) kung saan ang isang tao ay di-aalis sa mosque at sa pag-alaala sa Allah maliban kung kinakailangan gaya ng pagpunta sa palikuran.

Isa sa mga kinikilalang iskolar ng islam na si Ibnul Qayyim ay ipinaliwanag ang mas mataas na hangarin ng *itikaf*. "Siya (ang tao na nag *Itikaf*) ay ang kaisipan ay nau-ukol sa pag-alala sa Allah, at pag-iisip kung paano makakamit ang kaluguran ng Allah upang maging daan na mapalapit siya Dito (Allah) ito ay magdadala sa kanya sa pagka-kuntento sa pag-alala sa Allah kaysa sa mga tao, upang ihanda siya na maging mapayapa sa kanyang pag-iisa sa mga araw ng kanyang pag-lalagi sa libingan, na kung saan walang ibang makapagbibigay ng kaginhawahan o makabibigay ng aliw maliban sa Kanya (Allah) ."

Mag-alay ng maraning *Dua*

Ang *Ramadan* ay isang panahon ng mapayapang pagmumuni muni at isang magandang pagkakataon upang magsagawa ng ekstrang *dua*. Ito ay katotohanan lalo na sa huling sampung gabi at dapat nating samantalain na magsagawa ng mahaba at buong puso na dagdag na *dua* sa Allah. Si Aisha ay palaging nagsusumikap na paramihin ang kanyang pagsamba, at upang magawa ito siya ay nagtanong sa Propeta kung ano ang kanyang sasabihin kung siya ay mag sasagawa ng *dua* sa pagbabakasakaling matagpuan niya ang *Laylat al-Qadr*. Si Aisha ay nagsabi, "Sinabi ko, 'O Sugo ng Allah kung malalaman ko kung anong gabi ang *Laylat al-Qadr*, ano ang aking sasabihin sa gabing yaon? 'Siya ay nagsabi, 'Sabihin mo: *Allaahumma innaka 'afuwwun tuhibb al-'afwa fa'afu 'anni'* (O Allah, Ikaw ay mapagpatawad at pinaka-iibig Mo ang magpatawad kayat patawarin mo ako)."^[5]

Pahabol para sa mga kababaihang may Buwanang Dalaw

Ang buwan ng *Ramadan* ay hindi kagaya ng ibang buwan. Ito ay isang buwan ng ispiritual na pagmumuni-muni at pagdarasal na kung saan ang puso ay lumalayo sa makamundong gawain at patungo sa Diyos. Gaya ng ipinaliwanag sa itaas ang huling sampung gabi ay pinag-isa bilang isang panahon ng karagdang gawa . Ang mga aktibidades sa loob ng mosque gaya ng *itikaf* at *taraweeh* ay palagi ang ipinaliliwanag at

maraming kababaihan ang hindi nakaka dalo sa mosque dahil sa kanilang buwanang dalaw, katatapos na manganak na ang pakiramdam nila ay hindi nila nagagawang paramihin ang kanilang mga gawang kabutihan at makamit ang ekstrang benipisyo. ito ay hindi tama.

Napakaraming mga bagay ang magagawa ng mga kababaihan sa panahon ng kanilang buwanang, at sa katotohanan may mga bagay na kanilang magagawa sa loob ng buong buwan ng *Ramadan*. Gaya halimbawa na ang mga babaeng may buwanang dalaw ay gamitin ang panahon na ito upang magluto at magpakain ng mga taong nag-aayuno sa buwan ng *Ramadan*, pwedi siyang makinig ng mga islamikong aral, mag-sagawa ng mga pananalangin at pagsusumamo sa Allah, magbasa ng mga libro na nagpapaliwanag sa kahulugan ng Quran, pakikinig ng mga bumibigkas ng Quran at magnilay-nilay sa mga salitang makapag-papaalala sa Allah ang lahat ng ito ay isang magandang pamamaraan upang ipagdiwang ang huling sampung araw ng *Ramadan*. Ang mga gawain na nagbabawal sa mga babaeng may buwanang dalaw ay maliit na bahagi lang sa mga napakaraming gawaing pagsamba na napapaloob sa mabiyayang buwan na ito.

Talababa:

[1] *Saheeh Muslim*

[2] *Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim, At-Tirmidhi , Abu Dawood*

[3] *Saheeh Al-Bukhari*

[4] *Saheeh Al-Bukhari*

[5] *At-Tirmidhi*

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.newmuslims.com/tl/articles/212/ramadan-ang-mga-huling-sampung-gabi>

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.